5

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay-Aralin sa Filipino

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Banghay Aralin sa Filipino Baitang 5 Kwarter 1:**
**Aralin 4**
**TP 2023-2024**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para sa paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2023-2024. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Anomang pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit nang walang pahintulot ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat: Lilybeth C. Agno**
**Tagasuri: Jasper Lomtong**
**Ilustrador:**
**Tagaanyo:**

**Mga Tagapamahala**

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**MODELONG BANGHAY-ARALIN**

**ASIGNATURA, KUWARTER, BAITANG O ANTAS**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo (denotasyon, konotasyon, tono, at damdamin) na ginagamit sa pormal at di pormal na mga sitwasyon, lumalagong kaalaman sa mga estrukturang gramatikal, kritikal at lapat na pag-unawa sa tekstong naratibo (mito, epiko, kuwentong kababalaghan, tulang pambata) at tekstong impormatibo (pagsunod-sunod sa panuto, hakbang at proseso), at umuunlad na kasanayang produktibo sa pagbuo ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing pangkomunidad at pambansa na may kaangkupang kultural (pasalita, pasulat, at biswal) na batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng tekstong nagsasalaysay ng mga mungkahing hakbang na gagawin bilang solusyon sa isang usaping pangkomunidad o pambansa. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan sa Pakikinig at Pagbasa (Mga Kasanayang Pagtanggap)**<br>● Nakatutugon nang mahusay sa tahimik na pagbasa.<br>● Nauunawaan ang tekstong naratibo (kuwentong kababalaghan).<br>a. Natutukoy ang nagsasalita/nagsasalaysay.<br>b. Nahihinuha ang susunod na pangyayari.<br>c. Naibibigay ang opinyon at reaksiyon sa pangyayari.<br>d. Naiuugnay ang kaisipan ng akda sa sariling karanasan.<br>e. Nasusuri ang layon ng teksto (magsalaysay).<br>● Natutukoy ang mahahalagang pangyayari sa bawat bahagi ng kuwento<br>a. Natutukoy ang mga bahagi ng teksto (simula, gitna, wakas).<br>b. Natutukoy ang magkakaugnay na pangyayari sa simula, gitna, at wakas ng kuwento.<br>● Naiuugnay ang kaisipan ng akda sa sariling karanasan.<br><br>**Mga Kasanayan sa Pagsasalita at Pagsulat (Mga Kasanayang Produktibo)**<br>● Nagagamit ang mga bahagi ng pananalita sa pagpapahayag:<br>✔ Pang-abay na Panggaano |

| | |
|---|---|
| | • Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskursong nagsasalaysay.<br>• Nakabubuo ng mga pahayag ginagamitan ng mga pang-abay na panggaano.<br>• Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap.<br>  • Panandang konteksto<br>  • Tayutay (pagwawangis/metapora)<br>• Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag<br>• Nagagamit ang angkop na mga nakagawiang di-berbal na hudyat sa pagpapahayag:<br><br>**Mga Kasanayan sa Panonood at Presentasyon**<br>• Nabibigyang-kahulugan ang mga elemento ng tekstong *multimedia. graphics (still images, drawings, graphs, illustrations, icons, atbp.)* |
| **D. Nilalaman** | Tekstong Naratibo: Tulang Pambata<br><br>WIKA:<br>Tayutay: (Metapora o Pagwawangis)<br>Pang-abay na Panalungat |
| **E. Integrasyon** | Pagpapahalaga sa Karapatan ng mga Bata |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**


Agumino, N. J. (nd). *Karapatan ng batang Pilipino.* https://pdfcoffee.com/karapatan-ng-batang-pilipino-pdf-free.html https://youtu.be/F3xletkXUGI

ABS-CBN News. *Bagong silang na sanggol inabandona sa gasolinahan sa QC/TV Patrol.* https://youtu.be/Xx_atU2_lXw

*Curriculum Guide for the MATATAG Curriculum*

DepEd (2012). *DepEd Order No. 73, s. 2012. Guidelines on the assessment and rating of learning 0utcomes under the K to 12 Basic Education Curriculum*

DepEd Order No 42, s. 2016. *Lesson preparation for the K to 12 Basic Education Program*

IQuestion PH. (2022). *Pang-abay na panang-ayon.* https://youtu.be/PLepTvZjoHE

JR Hobby 2.0 (2022). *Apat na batang iniwan ng magulang dahil sa kahirapan.* https://youtu.be/g3J-KKkNBfE?list=PLGfNZUHzfzfdMuQbZelS6oljdeqeKtdvw

Remate Online. (10 Mar. 2024). *Matatag Curriculum, ikinasa na ng DepEd.* https://remate.ph/matatag-curriculum-ikinasa-na-ng-deped/

Santiago, A. O. at Norma G. T. (2003). *Makabagong balarilang Filipino*. Rex Bookstore, Inc

TheAsianParent. *Bagong silang na sanggol, iniwan sa CR ng isang gasolinahan sa Quezon City, inang umabandona sa kaniya, pinaghahanap na ng mga pulis.* https://ph.theasianparent.com/sanggol-iniwan-sa-cr

Villanueva, V. M. (2018). *Ako Bibo Kase Dapat. #ABKD. Alpabeto ng inobatibo at makabagong guro sa Agham Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino.* VMV Publishing House.

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA sa GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **1. Maikling Balik-aral**<br><br>**Maikling Sagot:** Sagutin nang tama ang bawat tanong.<br>1. Ano-ano ang mga salitang naglalarawan<br>2. Ano ang pang-uri?<br>3. Ano ang pang-abay?<br>4. Ano-anong pang-abay ang alam niyo na?<br>5. Magbigay ng isang uri ng pang-abay at sabihin ang gamit nito.<br><br>**Pagtukoy:** Salungguhitan ang pang-abay sa bawat pangungusap at bilugan ang salitang inilalarawan nito. Pagkatapos, isulat sa patlang ang uri ng pang-abay.<br><br>1. Sina Minmin at Dothy ay masayang [naglalaro] ng sungka. **pamaraan**<br>2. Ang bagong sungka ay [ibinigay] ng lola nila kahapon. **pamanahon**<br>3. Sila ay umupo sa labas ng bahay. **panlunan**<br>4. Tila [mananalo] si Dothy sa kanilang labanan. **pang-agam**<br>5. Mabilis na [naubos] ni Dothy ang mga bato ni Minmin. **pamaraan**<br>6. Madali [sigurong] [matapos] ang laro ng dalawa. **pamaraan at pang-agam**<br>7. Baka [konting g] ikot na lang. **pang-agam**<br>8. Tinalo ni Dothy [nang dalawang beses] si Minmin. **panggaano**<br>9. [Sumigaw] nang malakas si Dothy dahil sa tuwa. **pamaraan**<br>10. Malungkot [siguro] si Minmin subalit nakangiti lang siya. **pang-agam** | **Susing Sagot:**<br>1. pang-uri at pandiwa<br>2. naglalarawan sa pangngalan o panghalip<br>3. naglalarawan sa pandiwa, pang-uri o kapwa pang-abay<br>4. pamanahon, panlunan, pamaraan, panggaano, panalungat<br>5. pamanahon-nagsasaad ng panahon ng pagsasagawa ng kilos; panlunan-lugar; pamaraan-paraan, panggaano-nagsasaad ng sukat o timbang, panalungat |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Fidbak**<br>Magbigay ng fidbak tungkol sa awtput ng mga bata sa kanilang gawaing pantahanan. | |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>Ibalita sa klase ang tungkol sa isang bagong silang na sanggol a niniwan sa CR ng isang gasolinahan sa Quezon City noong Pebrero 9, 2024 at ang inang umabandona sa kaniya ay pinaghahanap na ng mga pulis. Ang buong balita ay mababasa sa theAsianparent sa link na https://ph.theasianparent.com/sanggol-iniwan-sa-cr.<br>Bigyang-diin ang karapatang ipinagkait sa sanggol na dapat ay ibinigay ng kanyang ina.<br>Sabihing babasahin nila ang isang tula tugkol sa karapatan ng mga bata.<br><br>Itanong: Bakit mahalagang malaman at maunawaan mo ang iyong mga karapatan bilang isang bata?<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>Piliin sa bandang kanan ang kahulugan ng salitang nasalungguhitan sa loob ng kahon.<br><br>**1. Si nanay ay <u>ilaw</u> ng tahanan.**<br>**https://rb.gy/a9an29**<br>**https://rb.gy/a9an29**<br>a. gumagabay at nagbibigay ng direksyon<br>b. pinagmumulan ng liwanag<br><br>**2. Itinuturing kang <u>anghel</u> ni Itay.**<br><br>**https://rb.gy/uvfmwo**<br>a. nagbabantay o nagbibigay ng<br>b. isang nilalang na may kapangyarihan | |

- **Ang hangin ay <u>haplos</u> na nakapagpapahinga.**



[https://rb.gy/mmbfgk](https://rb.gy/mmbfgk)

a. masahe o himas
b. nagbibigay ng kapahingaan


**4. Ang tanawin ay <u>paraiso</u> sa sobrang ganda.**



[https://rb.gy/i27ydk](https://rb.gy/i27ydk)

a. kalangitan
b. lugar na kaaya-aya

**5. Ako ay laging <u>nasa puso</u> ng aking pamilya**



[https://rb.gy/04rdhi](https://rb.gy/04rdhi)

a. minamahal
b. bahagi ng katawan

| | | |
|---|---|---|
| C. **Paglinang at Pagpapalalim** | **KAUGNAY NA PAKSA 1: PAGBABASA NG TULANG PAMBATANG NARATIBO**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa (Pagbasa sa Isang Tulang Pambata)**<br><br>**Pinagpalang Bata**<br>*Isinulat ni Lilybeth C. Agno*<br><br>I. Taong 2006 noong una kong makita ang liwanag<br>Sa Lungsod ng Laoag ako'y ipinanganak<br>Pilipino ang aking ipinagmamalaking nasyonalidad<br>Lareina Jessica Agno ang sa aki'y itinawag<br><br>II. Ako ay nagkaisip at lumaking maligaya<br>Laging nasa puso ng pamilyang mapag-aruga<br>Sadyang inaalagaan ng aking anghel na ama<br>At tunay na ginagabayan ng ilaw kong ina<br><br>III. Sa Barangay Visaya kami nakatira<br>Isang lugar na talagang tahimik at payapa<br>Ang hangin ay haplos at tunay na sariwa<br>Ang tanawin ay paraiso, totoong maganda<br><br>IV. Doon sa amin, ako ay talagang nalilibang<br>Kami ay naglalaro ng aking mga kaibigan<br>Nagbibisekleta kami sa mga lansangan<br>Naliligo sa ilog, kasama ang mga pinsan<br><br>V. O anong saya ang aking nadarama<br>Sa piling ng pamilya at mahal na bansa<br>Pinahahalagahan ang mga tulad kong bata<br>Mga karapatan ko ay aking natatamasa<br><br>Ituro ang tula alinsunod sa *Appreciation Method.*<br><br>1. Bigkasin nang mahusay at madamdamin ang tula habang binabasa ito nang tahimik ng mga mag-aaral.<br>2. Ipabasa sa mga mag-aaral ang kabuuan ng tula.<br>3. Talakayin ang nilalaman ng tula. | |

a. Ano ang layunin ng tula?
b. Sino ang nagsasalita? Ano ang kanyang kuwento?
c. Anong saknong ang maaaring simula, katawan at wakas ng kanyang kuwento? Basahin ang/ang mga saknong na kinaroroonan ng simula, katawan at wakas ng tulang nagsasalaysay.
d. Bakit masaya ang bata?
e. Ano-anong karapatan ng bata ang tinutukoy sa mga saknong I-IV? Piliin ang larawan at karapatang angkop sa unang saknong, ikalawa, ikatlo at ikaapat.



4. Iugnay ang akda sa tunay na buhay (sariling karanasan o obserbasyon ng mga bata)

a. Magkuwento tungkol sa isang batang hindi nagkakaroon ng pagkakataong makapaglaro dahil sa mga gawaing-bahay. Kunin ang reaksiyon ng mga mag-aaral.
b. Ipakuwento ang ginagawa ng mga bata upang makapaglibang.
c. Ipasalaysay sa mga mag-aaral ang mga ginagawa ng kanilang mga magulang bilang pag-aalaga sa kanila.
d. Ipalarawan ang lugar na tinitirhan ng mga bata. Maaari silang papiliin ng nagugustuhan nilang tanawin doon.

5. Talakayin ang porma ng tula
   a. Ilang saknong mayroon ito?
   b. Ilang taludtod ang makikita sa bawat saknong?
   c. May tugmaan ba ang mga taludtod? Magbigay ng halimbawa
   d. Pag-usapan ang mga simbolong ginamit sa tula. Itanong sa mga mag-aaral kung paano ginamit sa tula ang mga salitang may kahulugang konotasyon katulad ng puso, anghel, ilaw, haplos, at paraiso.
   e. Itanong: Bakit hindi angkop sa tula ang literal na kahulugan ng mga salita?
      Ipakilala ang tayutay na metapora o pagwawangis.

6. Ipabasang muli ang tula. Ipaalala ang angkop na diksiyon at ekspresyon.
7. Tumawag ng isang bata upang bigkasin ang tula. Papalitan ng bata ang mga bahaging nasalungguhitan upang umangkop sa sarili niyang pagkakilanlan at karanasan.

Pinagpalang Bata

Taong **2006** noong una kong makita ang liwanag
Sa **Lungsod ng Laoag** ako'y ipinanganak
Pilipino ang aking ipinagmamalaking nasyonalidad
**Lareina Jessica Agno** ang sa aki'y itinawag

Ako ay nagkaisip at lumaking maligaya
Laging nasa puso ng pamilyang mapag-aruga
Sadyang inaalagaan ng aking anghel na **ama**
At tunay na ginagabayan ng ilaw kong **ina**

Sa **Barangay Visaya** kami nakatira

| | | |
|---|---|---|
| | Isang lugar na talagang tahimik at payapa<br>Ang hangin ay haplos at tunay na sariwa<br>Ang tanawin ay paraiso, totoong maganda<br><br>Doon sa amin, ako ay talagan nalilibang<br>Kami ay naglalaro ng aking mga **kaibigan**<br>**Nagbibisekleta** kami sa mga lansangan<br>**Naliligo sa ilog**, kasama ang mga pinsan<br><br>O anong saya ang aking nadarama<br>Sa piling ng pamilya at mahal na bansa<br>Pinahahalagahan ang mga tulad kong bata<br>Mga karapatan ko ay aking natatamasa<br><br>2. **Pinatnubayang Pagsasanay**<br>Pangkatin sa lima ang klase. Sabihing bibigyan nila ng interpretasyon ang saknong ng tula na naibigay sa kanila, sa pamamagitan ng kahit na ano sa sumusunod: pag-rap, pag-awit, sabayang pagbigkas, karaniwang pagbigkas ng tula<br><br>3. **Paglalapat at Pag-uugnay**<br>Pumili ng isang saknong. Ipagpalagay na ikaw ang bata sa tula. Gumuhit ka ng larawan o magkuwento ka tungkol sa natatamasa mong karapatan bilang bata, na nauugnay sa napili mong saknong. Iguhit ang larawan o ikuwento ang sariling karanasan.<br><br>**KAUGNAYAN NA PAKSA 2: ANG TAYUTAY NA PAGWAWANGIS O METAPORA**<br><br>Ituro ang paksang ito sa pamamagitan ng Pamaraang Balik-aral dahil natutunan na ito sa nagdaang araw.<br><br>1. **Pagproseso sa Pag-unawa**<br>Itanong:<br>1. Ano ang tayutay?<br>2. Ano-anong tayutay ang napag-aralan niyo sa Grade IV? sa Aralin 3 ng Grade V?<br>3. Ano ang metapora?<br>4. Ano ang ibang tawag dito? | |

5. Anong kahulugan ang taglay ng mga salitang ginagamit sa pagwawangis?
6. Ano ang ibig sabihin ng kahulugang denotasyon? konotasyon?

**2. Pinatnubayang Pagsanaysay**

a. Salungguhitan ang mga ginamit na metapora sa akda.

*Si Melissa*

Si Melissa ay isang bituin sa kanilang paaralan. Marami siyang tagahanga. Hindi lang dahil isa siyang magandang bulaklak kundi isa rin siyang utak sa maraming proyekto para sa ikabubuti naming mga a bata. Siya ay isang ilaw na maaaring magliwanang sa landas ng mga kabataan. Si Melissa ay isa ring anghel na naglalayo sa iyo sa mga kapahamakan.

b. Kilalanin kung konotasyon o denotasyon ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit. Isulat ang K kung konotasyo at D kung denotasyon.

1. Hindi maiiwasan ang mga tinik sa lipunan.
2. Sila ay nagdudulot ng bagyo sa ating buhay.
3. Dahil sa kanila, ang mga bata ay nadadamay.
4. Nagugulo ang payapa nilang buhay.
5. At naaapektuhan ang kanilang kinabukasan.

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

Bumuo ng tatlong pangungusap tungkol sa larawan. Ang unang pangungusap ay nagsasaad ng kahulugang denotasyon. Ang ikalawa ay nagsasaad ng kahulugang konotasyon, ang pangatlo ay ginagamitan ng metapora.

Halimbawa:

Susing Sagot:

1. matalinghagang pahayag; hindi literal
2. onomatpiya, aliterasyon, asonansiya, simili o pagtutulad, metapora
3. tuwirang paghahambing
4. pagwawangis
5. konotasyon
6. denotasyon-malinaw at literal na kahulugan

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
bagyo<br><br>
https://rb.gy/6nsw2<br><br>
a. Maraming <u>bagyo</u> ang dumadaan sa bansang Pilipinas.<br>
b. Napagtagumpayan niya ang mga <u>bagyong</u> dumaan sa kanyang buhay.<br>
c. Ang nangyaring aksidente ay isang malakas na <u>bagyong</u> pinagdadaanan niya ngayon.<br><br>
· ahas<br>
a<br>
b<br>
c.<br>
https://rb.gy/im269v<br><br>
<br><br>
· bituin
</td>
<td>
konotasyon- malalim na kahulugan; ayon sa pagkakagamit ng may-akda<br><br>
1. konotasyon<br>
2. konotasyon<br>
3. denotasyon<br>
4. denotasyon<br>
5. denotasyon
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | a.<br>b.<br>c.<br><br>a.<br>b.<br>c.<br>ulo | |

**KAUGNAY NA PAKSA 3: PANG-ABAY NA PANANG-AYON**

**1. Pagproseso sa Pag-unawa.** Ituro ang paksang ito sa Pamaraang Pabuod

1. Humalaw ng mga halimbawa mula sa tula Magtanong sa mga mag-aaral upang mapalabas ang mga sumusunod na pangungusap.
   a. Siya ay sadyang inaalagaan ng kanyang ama.
   b. Siya ay tunay na ginagabayan ng kanyang ina.
   c. Nakatira siya sa isang lugar na talagang tahimik at payapa.
   d. Ang hangin doon ay tunay na sariwa.
   e. Ang tanawin ay totoong maganda.
   f. Siya ay talagang nalilibang doon sa kanilang lugar.
2. Ipasuri ang bawat pangungusap upang matukoy ng mga bata ang pandiwa o pang-uring ginamit dito.

   Mga Pangungusap na May Pandiwa
   - Siya ay sadyang *inaalagaan* ng kanyang ama.
   - Siya ay tunay na *ginagabayan* ng kanyang ina.
   - Siya ay talagang *nalilibang* doon sa kanilang lugar.

   Mga Pangungusap na May Pang-uri
   - Nakatira siya sa isang lugar na talagang *tahimik* at *payapa*.
   - Ang hangin doon ay tunay na *sariwa*.
   - Ang tanawin ay totoong *maganda*.

3. Ipatukoy ang mga salitang naglalarawan sa mga pandiwa at pang-uri.
   Mga Salitang Naglalarawan sa mga Pandiwa
   - Siya ay sadyang *inaalagaan* ng kanyang ama.
   - Siya ay tunay na *ginagabayan* ng kanyang ina.
   - Siya ay talagang *nalilibang* doon sa kanila.

| | | |
|---|---|---|
| | Mga Salitang Naglalarawan sa mga Pang-uri<br>● Nakatira siya sa isang lugar na <u>talagang</u> *tahimik* at *payapa*.<br>● Ang hangin doon ay <u>*tunay*</u> na sariwa.<br>● Ang tanawin ay <u>*totoong*</u> maganda.<br><br>4. Itanong. Ano ang gamit ng mga salitang may salungguhit? (naglalarawan sa pandiwa o pang-uri)<br>Ano aang tawag sa mga ito? (pang-abay)<br>5. Ipakilala ang uri ng mga pang-abay sa mga ibinigay na pangungusap.<br>Itanong: ano ang pagkakatulad ng mga pang-abay? (pare-parehong nagsasaad ng pagsang-ayon o pagpabor/pagpayag sa pandiwa o pang-uri)<br>6. Talakayin: Ang pang-abay na panang-ayon ay maaari ring gamitin sa paglalarawan sa kapwa-pang-abay.<br><br>Halimbawa:<br>*Pang-abay* *Pang-abay* *Pandiwa*<br>Totoong <u>mahirap</u> *maghanap* ng pera para sa pamilya<br><br>*Pang-abay* *Pang-abay* *Pandiwa*<br>Sadyang <u>mahilig</u> *tumulong* sa mga bata ang taong iyan.<br><br>*Pang-abay* *Pang-abay* *Pandiwa*<br>Si Meyor ay <u>talagang</u> <u>walang-sawang</u> *gumagawa* ng mga programa para sa mga mag-aaral.<br><br>7. Itanong kung may alam ang mga mag-aaral na iba pang pang-abay na panang-ayon. Ipakilala ang mga sumusunod kung hindi pa nila alam:<br><br>walang duda, tama, sige, siyempre, tiyak, opo, oo, oho<br><br>8. Ipagamit sa pangungusap ang mga pang-abay na panang-ayon.<br><br>9. Bilang paglalahat, itanong kung ano ang pang-abay na panang-ayon at ang gamit nito. | |

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

Salungguhitan ang lahat na pang-abay na panang-ayong ginamit sa mga talata. Bilugan din ang inilalarawan ng bawat pang-abay at gumuhit ng palaso (arrow) mula sa pang-abay patungo sa inilalarawan nito.

**Sa Pagudpud Beach**

*Ni Lilybeth C. Agno*

Ang aming pamilya ay nagplanong magpiknik sa Pagudpud Beach. **Talagang** sabik kaming makapunta roon. **Totoong** natuwa kaming nakarating sa dagat. **Tunay** na napakaputi ng buhangin doon at **sadyang** malinis ang tubig sa dagat. **Siyempre**, agad kaming naligo. **Oo,** naglaro rin kami sa malinis na buhangin. Halos hindi kami maiuwi pagdating ng hapon. **Walang dudang** nag-enjoy ang buong pamilya namin sa araw na iyon.

Subukan niyo rin kayang mamasyal doon? **Tiyak** na magugustuhan niyo rin ang lugar na iyon. **Siguradong** mag-uuwi pa kayo ng puting buhangin at mga kabibe. **Sige**, ikukuwento mo rin ang iyong karanasan doon, ha?

**3.Paglalapat at Pag-uugnay**

PANUTO:
Basahin ang balita tungkol sa bagong programang pang-edukasyon ng bansang Pilipinas para sa mga tulad mong bata. Sumulat ka ng iyong opinyon tungkol sa talata at ipahayag mo ito gamit ang anomang pang-abay na panang-ayon. Pumili ng pang-abay sa kahon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| totoo | tunay | sigurado | tiyak | opo |
| talaga | sadya | siyempre | walang duda | oo |

| | | |
|---|---|---|
| | MATATAG Curricukum, Ikinasa na ng DepEd<br>*Hinalaw mula sa https://remate.ph/matatag-curriculum-ikinasa-na-ng-deped/*<br><br>PORMAL nang inilunsad ng DepEd ang "Matatag" *curriculum*. Kilala bilang "Matatag K-10", naglalaman ito ng mga leksiyon tungkol sa *literacy* and *numeracy skills, balance cognitive, higher-level thinking skills, intensified values education, at peace education* na ibinase sa *international curriculum.*<br><br>Ayon kay VP at DepEd *secretary* Duterte, nasa 70% ng dating mga aralin ang tinanggal upang mabigyang-pokus ang mga pinakaimportanteng kasanayang dapat na matutunan ng mga mag-aaral sa K-10. **Siguradong mapag-aaralan na namin nang mabuti ang mga mahahalagang kasanayan sa bawat asignatura**.<br>*(Ano ang masasabi mo sa maaaring ninyong matamo at pinakamahalagang kasanayan na lang ang pag-aaralan ninyo?)*<br><br>Paglilinaw ng kagawaran, hindi inalis ang mga asigaturang "Mother Tongue-based" lalo pa't napapaloob ito sa Republic Act No. 10533 o ang *K to 12 Law*. Dahil dito, ______________________________________________<br>______________________________________________________________<br>*(Ano ang opinyon mo tungkol sa kagandahan ng pagpapatuloy na paggamit ng Mother Tongue sa pagtuturo sa inyo?)*<br><br>Isang bagong asignatura ang "Makabansa". Ito ay tatalakay sa sining, kultura, lipunan, kasaysayan, *physical education*, at kalusugan. Palalalimin nito ang pagkilala sa sarili at bilang isang Pilipino. Sa pamamagitan nito,<br>______________________________________________________________<br>______________________________________________________________<br>*(Ano sa palagay mo ang kagandahan ng pagtuturo ng Makabansa sa inyo?)* | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
Bahagi rin ang good manners and right conduct para sa nasa Grade I hanggang III, at values education para sa Grade IV hanggang X. Sa tulong ng mga asigaturang ito, ____________________________________________<br>
____________________________________________________________<br>
(Ano sa palagay mo, ng maitutulong ng sa pagtuturo ng good manners and right conduct at values education sa elementarya?)<br><br>
Isa pang bago sa “Matatag” curriculum ang peace education na ukol sa pagkilala sa sarili, kahandaan sa mga kalamidad at trahedya, at usapin para sa tao o human security, at paghahanap ng mga mapayapang pamamaraan sa pagresolba ng mga ito. ________________________________________<br>
____________________________________________________________<br>
(Ano kaya ang kagandahan ng pag-aaral ninyo sa mga usaping ito?)<br><br>
Malaki ang paniniwala ni VP at secretary Duterte na dahil sa bagong ipatutupad na kurikula ay mas lalawak ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral at ihahanda sila bilang mga well-rounded at mature individuals. Bilang mag-aaral, naniniwala rin ako na ang Matatag curriculum ay<br>
____________________________________________________________<br>
____________________________________________________________<br>
(Para sa iyo, ano naman ang inaasahan mong magagawa ng Matatag curriculum sa inyong mga mag-aaral?)
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>D. Paglalahat</td>
<td>
1. Pabaong Pagkatuto<br>
Pagpuno ng Kuwadro<br><br>
Isulat sa kuwadro ang mga bagay na natutunan mo sa linggong ito.<br><br>
<table>
<tr>
<th>Mga Karapatan ng Bata</th>
<th>Pang-abay na Panang-ayon</th>
</tr>
<tr>
<td>
● <u>Maisilang at magkaroon ng pangalan at nasyonalidad.</u><br>
● <u>Magkaroon ng tirahan at pamilyang nag-aaruga sa kanya.</u><br>
● <u>Manirahan sa isang payapa at tahimik na pamayanan</u><br>
● <u>Mabigyan ng pagkakataong makipaglaro at makapaglibang.</u>
</td>
<td>
● Ano Ito: <u>Pang-abay na nagsasaad ng pagsang-ayon o pagpabor sa pandiwa, pang-uri o kapwa pang-abay.</u><br><br>
● Mga Halimbawa:<br>
✔ Sadya<br>
✔ Totoo<br>
✔ Tunay
</td>
</tr>
</table>
</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | | ✔ Talaga<br>✔ Siyempre<br>✔ Walang duda<br>✔ Tama<br>✔ Tiyak<br>✔ Opo/Oo/Oho |
| | **Metapora o Pagwawangis**<br><br>**Ano Ito:** Ito ay isang uri ng tayutay na ginagamit sa tiyak na paghahambing.<br><br>**Mga Halimbawa:**<br>✔ Siya ay isang anghel.<br>✔ Ang kanyang kamao ay bakal. | **Kahulugang Konotasyon at Denotasyon**<br><br>**Ano ang Kahulugan Konotasyon:** Ito ang malalim na kahulugan ng salita batay sa pagkakagamit nito sa pahayag.<br><br>Halimbawa: Siya ay may pusong bato.<br><br>**Ano ang Kahulugan Konotasyon:** Ito ang literal na kahulugan ng salita.<br><br>Halimbawa: Maraming bituin sa kalangitan ngayong gabi. |

2. **Pagninilay sa Pagkatuto**

Ipabuo ang talaan.

| | | |
|---|---|---|
| Ano ang iyong | naisip matapos malamang may karapatan ka bilang isang bata? | |
| | nararamdaman kung hindi mo nagagawa ang mga karapatan mo bilang isang bata? | |
| | nararamdaman matapos malamang may mga batang pinagkakaitan ng kanilang karapatan? | |
| | gagawin upang makatulong sa mga batang pinagkaitan ng karapatan? | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit** | |
| | A. Salungguhitan ang lahat ng pang-abay na panang-ayon na ginamit sa tula. | Susing Sagot: |
| | *Isang Langit sa Lupa* | |
| | Ang aming pamilya ay tunay na masaya<br>Sadyang mapagmahal sina Mama at Papa<br>Walang dudang malambing sina Ate at Kuya<br>Si Beybi ay totoong nagbibigay-sigla | tunay<br>sadyang<br>walang dudang<br>totoong |
| | Talagang nagdadamayan ang bawat isa<br>Siyempre, magkasama rin sa pagsamba<br>Oh, anong saya ng may pamilya<br>Isang langit sa lupa, tiyak na pinagpala | talagang<br>siyempre<br><br>tiyak |
| | B. Piliin sa tula ang salitang may kahulugang konotasyon. Ano ang ibig sabihin nito? (2 puntos) | langit – lugar kung saan may pagmamahalan |
| | C. Gamitin sa pangungusap ang salitang *langit* ayon sa kahulugang denotasyon. Pagkatapos, ibigay ang kahulugan. (2 puntos)<br><br>________________________________________________________.<br><br>________________________________________________________. | Gusto kong makapunta sa langit. Ito ay lugar na itinuturing na tahanan ng Diyos at ng mga maliligtas. |
| | D. Tukuyin kung ang salitang may salungguhit ay may kahulugang konotasyon o denotasyon. (4 puntos) | |
| | 1. Siya ay isang batong nagsisilbing pundasyon ng magagandang katangian ng mga bata. | konotasyon |
| | 2. Kumuha siya ng bato at ginuhitan ng tanawin. . | denotasyon |
| | 3. May malaking buwaya sa parke at binabalikan ito ng mga klase sa Science. | denotasyon |
| | 4. Ang mga buwaya ay nagpapahirap sa kalagayan ng mga bata. | konotasyon |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang Aralin**

Panoorin ang kuwento ng isang *vlogger* tungkol sa apat na magkakapatid na iniwan ng magulang dahil sa kahirapan. Ito ay mapapanoon sa https://rb.gy/rx174o

Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Gumamit ng iba't ibang uri ng pang-abay. Huwag kalimutang gumamit ng pang-abay na panang-ayon.

1. Bakit wala ang magulang ng mga bata?
2. Ano-anong mahalagang bagay ang wala sa kanila, kulang o dapat na palitan?
3. Ano-anong karapatan ng bata ang hindi nila natatamasa?
4. Ano ang natutunan mo sa kuwento?
5. Ano ang maari mong gawin upang makatulong sa mga batang:<br>kulang sa pagkain?<br>hindi maganda ang tirahan?<br>walang magulang?<br>hindi nakakapag-aral?<br>hindi nakakapaglaro?
6. Ano ang gagawin mo kung isa ka sa mga bata sa bilang 5?
7. Maghanda sa pagsasalaysay tungkol sa kuwentong ito.

</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="6">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="6"></td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | |
| ***Inihanda ni:*** Lilybeth C. Agno | ***Sinuri ni:*** Jasper Lomtong | |
| ***Institusyon:*** Mariano Marcos State University | ***Institusyon:*** Philippine Normal University-Manila | |